FAl4

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN



HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG OKTUBRE 20,2017 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan/Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**KAPASYAHAN BLG. 17 - 10 - 232**

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA PAGYAO NI KAGAWAD OTHONIEL R. PANAGSAGAN NG BARANGAY MAUJAO**

**"SAPAGKAT,** si Kagawad Othoniel R. Panagsagan ay sumakabilang buhay na dahil sa malubhang sakit noong araw ng Sabado, Oktubre 14, 2017;

**"SAPAGKAT,** si Kagawad Othoniel R. Panagsagan ay kilala bilang masipag at tapat na lingkod ng Barangay Maujao na palaging naglalaan ng panahon at kakayahan tungo sa ikatatagumpay ng mga programa at proyektong pambarangay na nagdulot ng kaunlaran at kaginhawaan sa kanyang kababayan;

**"SAPAGKAT**, ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa kanyang pamilya, kamag-anak at kaibigan at sa Barangay Maujao na kanyang pinaglilingkuran, subalit, masaya na ring isipin na siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Diyos na siyang lumikha ng lahat, **KUNG KAYAT DAHIL DITO...**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa pagyao ni Kagawad Othoniel R. Panagsagan ng Barangay Maujao;

CamScanner

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dennes M. Faner at pinangalawahan nina SB Member Dexter R. Gonzales at SB Member Elpidio N. Contreras, Jr., ang kapasyahang ito ay....

**PINAGTIBAY**": Oktubre 20, 2017, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------------x

**DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**DENNES M. FANER**
SB Member

**GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**EDEZER F. ACERON**
SB Member

**ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**EDWIN C. ACERON**
SB Member

**ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 10-20-17

**171020/PLP/bms**

CamScanner